
Michiko
BINIBINI SERIES 1
ROSE TAN

All rights reserved

# CHAPTER ONE

AKALA ni Michiko, kapag nakarating siya sa Maynila, magiging tao na siya. Tao, as in, may pambiling hair conditioner, para hindi naman laging buhaghag ang buhok niya. Kailangan na rin niya ng mga bagong panty, kahit tatlong piraso man lang. Ukay pa ni Dianne ang ginagamit niya. Pinsan niyang nakakaluwag nang kaunti si Dianne, binigyan siya ng mga "used but not abused" na underwear bago siya lumuwas. Hindi niya type, panay

bulaklakin. Ingat na ingat tuloy siya sa pagtawid-tawid, ginagamit talaga niya ang mga overpass kahit gaano pa kataas kapag iyong panty na mga sunflower ang print ang suot niya. Wala siyang balak mabangga o masagasaan na iyon ang underwear. Nakakahiya sa emergency room o kaya ay sa—*knock on wood*—morge. Sa parehong lugar, huhubaran siya tiyak para makita ang pinsala niya, tatambad sa mga doktor at nurse ang mother sunflower na sa kipay pa talaga niya nakatapat.

Ang totoong tao, walang sunflowers sa panties, period.

Hindi pala period. Ang totoong tao, may smart phone, hindi iyong sinauna style na mga senior citizen ang gumagamit, pang-call and text lang.

Ang kanya ay pink na bangas-bangas. *At least*, *Samsung*, sa loob-loob niyang mapakla, ni walang load sa kasalukuyan.

Eighteen months na siya sa Kamaynilaan, wala pa rin siyang nasisilip na pag-asa. Kung makakabili siya ng smart phone kahit mumurahin, gagayahin na lang niya ang trabaho ni Lovely. Hindi kasi nakaka-send ng pics ang cell phone niya, paano siya makakaakit ng kliyente?

Kaya ba niya ang trabaho ni Lovely?

*Kakayanin*.

At saka maraming puwedeng maging trabaho basta may smart phone. Nahihiya lang siyang umutang uli kay Lovely, hindi pa bayad ang nauna niyang utang na nasa beinte mil kasama

na ang ipinamasahe niya pagluwas. Tatatlong libo pa lang ang naibabayad niya. 'Buti na lang, mabait si Lovely, lalo na sa mga panahong ito. May afam kasi. In love.

Afam. Sa kagaya niyang laking-bundok at high school lang ang natapos, afam na nga lang ang pag-asang makaangat sa buhay. Kaso nga, no smart phone, no afam.

Hinila niya ang resibo sa cash register at isinama sa sukli. Nangunot ang noo ng customer nang mabilang ang sukli, tsinek ang resibo.

"Kulang, miss," sabi ng ale. "Buy one, take one ang hot dog, 'di ba?"

"'Yong regular po. With bacon and cheese po ang order n'yo," sagot ni Michiko, itinuro pa niya ang picture sa

menu na nakadikit sa countertop.

Nakidutdot sa menu ang ale. "'Yan, o! Buy one, take one!"

"Opo nga, pero regular hot dog po 'yan. Ang inorder n'yo, ito." Iyong katabing picture ang itinuro niya. "Pinadagdagan n'yo pa ng cheese."

"Bakit kayo ganyan?" akusa ng ale. "Nilagay n'yo, buy one, take one, 'yan, o! Nakatapat d'yan, 'tapos 'yon pala iba 'yong buy one, take one?! Niloloko n'yo ang tao, eh!"

Aminado si Michiko, medyo madaya nga ang pagkaka-print ng menu. Aakalain talaga ng customer na buy one, take one ang lahat ng hot dog sandwich. Hindi ang ale ang unang nagoyo. Pero hindi naman niya kasalanan iyon, bakit siya ang inaaway?

Dahil siya ang naroroon.

"P-Puwede naman po palitan." Nilinga niya ang maliit na opisina at stockroom. "Ma'am Vicky?" tawag niya sa amo.

"Manloloko kayo," akusa pa rin ng customer.

Nahawi ang kurtinang plastic sa likuran ni Michiko, lumapit sa counter si Ma'am Vicky, ang may-ari ng Road Trip Burger doon sa istasyon ng mga bus, jeep, at van sa Alabang. Mahigit kuwarenta na ang edad ni Ma'am Vicky, dilaw ang buhok na barber's ang gupit sa right side, mahaba naman sa kaliwa. Sagana sa makeup ang mukha pero ang pamumula ay hindi dahil sa blusher kundi sa ipinapahid na pampaputi raw. Kahit magkapera siya, hindi siya bibili

ng produktong iyon, sa loob-loob ni Michiko. Sinungaling din kasi. Pampapula dapat ang claim, hindi pampaputi.

"Ano 'yon?" pagalit na tanong ni Ma'am Vicky. Naabala sa panonood ng Koreanovela sa Netflix.

"Nagkamali po si Ma'am, change order po," sagot ni Michiko.

Umangal agad ang customer. "Hindi ako nagkamali, 'oy! Naloko n'yo ako! Hindi na 'ko bibili, ayoko na!" Isinalpak nito pabalik ang supot ng mga hot dog. "Nililito n'yo ang customer para maloko n'yo! Akin na ang pera ko!" Isinalpak din nito sa counter ang sukli at resibo.

"Sige po, ma'am," sabi ni Ma'm Vicky, pasalyang sinapawan si Michiko sa

harap ng cash register.

“Five hundred po ang pera ni Ma’am,” ani Michiko sa amo, malumanay siyang umatras pa nang kaunti.

“Alam ko, nasa resibo, o,” singhal ni Ma’am Vicky, padabog na dinutdot ang keyboard ng cash register, kumuha ng buong limang daan, ibinigay sa customer. “Pasensiya na po,” anito, halatang labas sa ilong.

“Manloloko kayo, ipagsasabi ko ‘yan! Akala n’yo, porke may naloloko kayo… makikita n’yo,” banta ng ale bago tumalikod at naglakad papunta sa katabing tindahan ng siomai.

Hinarap ni Ma’am Vicky si Michiko. “Ilang beses na ‘yon, ha?” anito, naniningkit ang mga matang sagana sa eyeliner.

All rights reserved

"Nakakalito po kasi talaga ang menu," sagot niya. "Akala talaga nila, lahat, buy one, take one. Nilinaw ko naman po kanina, umoo naman po siya. "

Dinuro siya ni Ma'am Vicky. "'Wag mo nga akong pinaglololoko! Kung nilinaw mo, hindi magrereklamo 'yon!" Dinutdot nito ang noo niya. Kamuntik na siyang matumba kagaya ng mga pinapagaling ng faith healers.

Tumuwid siya ng tayo. "Tinanong ko po kung regular, oo daw po. Saka po inayos ko na po 'yang menu last week, pinatanggal n'yo naman."

"Ah, kasalanan ko pa?"

Hindi sumagot si Michiko. *Obvious ba*?

Dinuro siya ng amo. "Alam mo, imbes

na nakakatulong ka, mas perhuwisyo ka pa, eh," talak nito. "Bumaba ang benta simula nang dumating ka dito."

"Kasi nga po, 'pag nalinawan nila na hindi buy one, take one lahat ng sandwich, lumilipat na lang sila sa siomai," katwiran ni Michiko dahil iyon naman talaga ang totoo. Ang sabi ng tatang niya, laging magsasabi ng katotohanan.

"Mahaba ang pasensiya ko, hindi ako masamang tao, pero inaabuso mo 'ko, eh," sabi pa ni Ma'am Vicky.

"Ho?" bulalas ni Michiko. Nasaan ang pang-aabuso? Nasaan ang mabuting tao?

"Porke pinapakitaan kita ng mabuti, ginagawa mo ang asal mo. Kung makasagot ka, akala mo, ikaw na ang

All rights reserved

pinakamagaling. Ano ba ang gusto mong palabasin? Na sinasadya kong manloko ng kapwa? Kristyano ako, hoy!"

"Hindi po ako abusado, ma'am," paninindigan ni Michiko. "Nagsasabi lang po ako ng totoo."

"Hindi, eh! Inaakusahan mo ako nang pailalim! Mabuti pang lumayas ka na sa harap ko! Umalis ka na!"

"S-Sisante na ho ako?"

"Oo! Alis na! Hina-high blood ako sa pagmumukha mo!"

"Um, 'yong suweldo ko po mula last week hanggang ngayon?"

"Ipapadala ko sa GCash mo, basta umalis ka na sa harap ko at baka magdilim ang paningin ko sa 'yong babae ka."

May lumapit na grupo ng mga kabataan, mukhang aakyat ng bundok dahil sa malalaking backpack. Biglang sinapian ng anghel si Ma'am Vicky, kandangiti.

"Buy one, take one, o, guys," sabi ng isa sa grupo.

"Ito, with bacon," turo ng isa pa.

"Kukunin ko lang po ang gamit ko sa loob," sabi ni Michiko. Hindi siya pinansin ni Ma'am Vicky. Pumasok na siya sa likod ng kurtinang plastic.

Hinubad niya ang hairnet at apron. Napatingin siya sa desk ni Ma'am Vicky. Nakatiwangwang doon ang bag nito, nasa ibabaw ng mga gamit ang makintab na pulang wallet.

Kahit laking-bundok siya, hindi siya tanga para maniwalang ipapadala sa

GCash ang suweldo niya. Manloloko si Ma'am Vicky, siya pa ba ang hindi lolokohin? Sumilip siya nang kaunti sa counter. Busy sa orders ng grupo ang bruha.

Dinampot niya ang pulang wallet, tiningnan kung may cash. Mayroon. Nagkuwenta muna siya sa isip. 350 pesos times 9 equals nasa three thousand pa. Para sigurado, ginamitan niya ng calculator, nasa desk din ng bruha. 3,150 pesos. Iyon ang halagang kinuha niya sa wallet. Nagsulat siya ng note:

*Ma'am,*

*Kinuha ko na po sa wallet n'yo ang sweldo ko. Huwag n'yo na po i-GCash para hindi na po kayo maabala.*

*Salamat po.*

Isinukbit niya ang bag at lumabas. “Tuloy na po ako,” aniya. Hindi pa rin siya pinansin ni Ma’am Vicky.

ANG KAMALASAN, hindi loner o... *ano nga ang tawag do’n*? Nabasa niya sa magasin ni Lovely noong isang gabi, tungkol sa uri ng mga tao. Iyong mapag-isa at iyong mahilig sa kasayahan. *Intopert at extopert*? Parang tama. Parang mali. Basta, ganoon. Ang kamalasan, *extopert*. Laging may kasama, hindi nag-iisa.

Naglakad na lang si Michiko pauwi sa apartment ni Lovely. Sayang pa ang pangtraysikel. Kung magji-jeep naman siya, ganoon din, maglalakad pa rin siya dahil malayo sa babaan ang apartment.

Makipot at pangit ang apartment. Mistula lang iyong kahon na gawa sa sementong hindi pinalitada. Plywood na tuklap-tuklap ang pinto at kapirasong bintana. Pagpasok na pagpasok doon, katre ni Lovely ang mabubungaran. Sa kaliwa niyon, maliit na lababong hindi rin pinalitada. May mesa doon si Lovely at tatlong plastic stool. Ang banyo ay nasa labas, sa pinakadulo ng looban, at kahati nila ang ibang kapitbahay.

Nagkagulatan sila ni Lovely pagpasok niya. Nakaupo ito sa ibabaw ng katre, nagtutupi ng mga damit, may kaharap na suitcase, kulay pink at halatang bago.

"Ang aga mo?" anito na halos kasabay ng, "Aalis ka?" niya.

"Okay na 'yong condo, p'wede ko nang tirhan." Excited ang ngisi ni Lovely. Sa totoo lang, hindi ito lovely kung si Michiko ang masusunod sa patakaran ng kagandahan. Hindi dahil sa maliit ito—four-eleven, payat, maitim. Pupuwede ka pa ring maging lovely kahit maitim ka, payat, at maliit. Pero kung may ilong kang parang naapakan ng kapre noong nasa sinapupunan ka pa lang; bibig na laging nakabuka dahil marami kang ngipin masyado at sapaw-sapaw na sila; mga matang singkit at flat—parang walang laman ang talukap at wala ring laman ang eye bags, medyo mahihirapan ka sigurong ikategorya ang sarili mo sa mga lovely.

Pero hindi naman iyon kasalanan ni

Lovely. Nanay nito ang nagpangalan dito. Kaya siguro nagbulakbol na lang ito kaysa nag-aral nang mabuti noon. Ang hirap kasing panindigan ng pangalan nito.

Kaklase niya noong high school ang babae kahit mas matanda ito sa kanya ng kulang-kulang tatlong taon. Bulakbol nga kasi. Pero sa kadahilanang mahirap ipaliwanag, naging malapit sila sa isa't isa. Siguro dahil *intopert* siya, at wala namang gustong makipagkaibigan kay Lovely, sila ang nagkasundo. Second year high school sila noon, siya ay katorse, si Lovely ay sixteen na pero hindi halata dahil mas matangkad siya.

Sa kalagitnaan ng kasunod na school year, huminto na si Lovely. Luluwas

daw ito at magtatrabaho sa Maynila, mamamasukan daw. Summer na nang sumulat sa kanya, pero simula noon, lagi na silang nagsusulatan.

"Bayad pa naman 'tong bahay ng one month, kakabayad ko lang last week, 'di ba? 'Tapos may one month advance, so puwede ka pa hanggang two months," sabi pa ni Lovely, tinutupi ang blusang mukhang bra.

"Akala ko, mga next month pa 'yong condo," ani Michiko. Naupo siya sa paahan ng kama, hinubad ang rubber shoes niya at medyas.

"Akala ko din, kaya nga nagbayad pa 'ko ng renta dito. Pero tumawag 'yong may-ari, okay na raw. Okay na rin, 'di ba? At least, puwede ka pang mag-stay dito. Saka kaya mo na sigurong bayaran

ang renta…" Natigilan si Lovely, napansin siguro ang pag-asim ng mukha ni Michiko. "Bakit?"

"Sinesante na ako ni Ma'am Vicky. Pangit ang mood, may nagreklamo na namang customer, ako ang sinisi. Pero nakuha ko naman ang sahod ko." Hindi na lang niya sinabi kung paano. Kinuha niya sa bag ang wallet, nagbilang ng pera. "Paki-GCash na lang ulit doon kay Ate Janeth, 'tapos kamo, pakibigay kay Tatang." One-five ang ibinigay niya kay Lovely. "Wala pa muna ulit akong hulog sa utang ko." Nautangan niya si Lovely noong maaksidente ang tatang niya sa trabaho. Natalsikan ng tinitiktik na tiles ang isang mata. Hindi na naibalik ang paningin ng tatang niya sa kaliwang mata dahil hindi agad naipagamot,

dinaan sa tapal-tapal. De 'ayun, pagtanggal ng tapal, bulag na pala. Nabawasan nga lang ang raket ni Tatang, iisa na raw kasi ang mata, laging mali ang sukat sa mga ginagawa, ayaw na masyadong kunin ng mga tao ang serbisyo bilang all-around karpintero.

"Okay lang," sabi ni Lovely, isinilid sa bag ang one-five at dinampot ang cell phone. "Baka makalimutan ko pa mamaya." Ipinadala na nito ang pera kay Ate Janeth, ang taga-GCash, taga-load, at sarisari store owner sa baryo nila.

"Thank you," ani Michiko. Wala man sa panlabas, wala namang duda na nasa inside ang kagandahan ni Lovely.

"Wala 'yon… sent na. Okay na," anito.

"Lovely..." ungot ni Michiko.

"Hmm?" Itinuloy na nito ang pagtutupi ng mga damit na gustuhin mang hiramin ni Michiko ang iba ay hindi naman kasya sa kanya. Pang-grade two ang size ni Lovely.

"Wala bang kapatid o kaibigan si Philip?" tukoy niya sa afam ni Lovely. Sixty years old na Amerikano, mataba, kalbo pero balbas-sarado. Idol si Trump. Alam niya dahil pinapakita ni Lovely sa kanya ang mga picture sa Facebook. "Gusto ko na rin ng afam. Ang hirap kasi, nagtatrabaho ako nang matino, wala namang nangyayari, wala pa ring natitira sa sahod ko. Turuan mo na lang ako ng trabaho mo. Kaya ko 'yon, desidido na 'ko, titiisin ko na lang... m-mag-iingat rin ako."

All rights reserved

Dumilim ang mukha ni Lovely. “Iba ka, Michiko. Hindi ka pangganito. ‘Wag mo ‘kong gayahin. Ganito ako kasi wala akong choice. Ito lang ang alam ko.” Tumingin ito sa kanya nang deretso. “Kaya mo bang sabihin sa kagaya ni Philip na mahal mo siya kahit hindi? Kaya mo bang magkunwari na excited ka sa pagkikita n’yo kahit ang totoo, natatakot ka?” Nangatal ang mga labi nito.

“Lovely…” Ginagap ni Michiko ang kamay ng kaibigan. “A-Akala ko masaya ka sa kanya?”

“Masaya ako kasi nagpapadala siya ng pera. Pero…”

“Kung natatakot ka, tapusin mo na relasyon n’yo, ‘wag mo na siyang papuntahin dito.” Lilipad pa-Pilipinas

si Philip para ma-eyeball si Lovely. Ang plano pa raw ay mamamanhikan sa kanila sa isla at magpapakasal ang dalawa, pagkatapos ay dadalhin na sa Texas si Lovely.

"Nakita mo na?" sabi ni Lovely. "Iba ka. Iba ako. Hindi ka magtitiis, hindi ka magpapanggap para sa pera. Ako, mukhang pera lang talaga kaya sinisikmura ko lahat." Kamay naman ni Michiko ang kinuha ni Lovely. "'Wag mong piliing maging ako. Piliin mong maging ikaw."

# CHAPTER TWO

"MADALI lang naman mag-apply dito, 'Tang. Madaming trabaho, basta hindi ka mapili. Bago ka mag-birthday, *pasesendan* uli kita kay Ate Janeth." Nakatalungko sa pintuan si Michiko, nakasipit sa mga tuhod niya ang pudpod na walis tambo. Naglilinis siya nang tumawag si Ate Janeth, kakausapin daw siya ni Tatang.

"'Wag mo na muna akong padalhan at nang may panggastos ka r'yan. May trabaho ako bukas sa bayan, papagawa

ng bubong. Ipunin mo ang sahod mo at nang makapag-enrol ka na."

Iyon ang plano kaya siya lumuwas. Libre naman ang college, kailangan lang niyang magtrabaho para may panggastos at pangtustos na rin kay Tatang. Iba pala ang realidad. Natanggap siya sa public university. Nakapagtrabaho siya sa sikat na fast food, kaso mo, hindi naman nagtugma ang schedule ng trabaho sa schedule ng mga klase niya. Pero sige lang, kaya niya. Kakayanin.

Bumagyo. Binaha ang lugar nila ni Lovely. Wala siyang naisalba maski takip man lang ng ball pen. Nilamon ng tubig at putik ang mga assignment niya, mga librong hiniram, lahat. Wala rin siyang damit.

Napilitan siyang huminto na lang munang mag-aral, nagtrabaho na lang muna para makaipon. Hindi ni-renew ang kontrata niya sa fast food. Na-jobless siya ng two weeks. Lagas ang inipon niya.

Bakit ganoon? Kung sino pa ang mahirap, sila pa ang mas pinapahirapan? Nahihiya na rin siya na iasa ang lahat kay Lovely. Libre na nga siya sa bahay, magpapalibre pa rin ba siya sa pagkain at mga pangpersonal na gamit? Pero minsan, humihingi siya ng hair conditioner, kapag talagang dry na dry na ang buhok niya. Pero hayun nga, nag-e-effort pa rin siya na mamalengke ng kakainin nila bago umuwi at nagluluto siya para sa kanilang dalawa. Hindi maaasahan sa mga ganoong

All rights reserved

bagay si Lovely. Kapag nagugutom iyon, bibili lang sa labas o kaya ay magpapa-deliver.

Hindi rin kinakarir ni Lovely ang paglilinis. Mistula na palang tambakan ng basura ang ilalim ng katre nito. Bukod sa agiw at alikabok, naroroon din ang mga balat ng chichirya at kendi, may sanitary pad pang gamit, nakarolyo at pinagpugaran na ng maliliit na ipis. Kaya sa awa ni Batman, ang inakala niyang saglit lang na paglilinis, buong umaga na inabot ay hindi pa rin siya tapos.

"'Wag mong problemahin 'yon, 'Tang, basta ingatan mo ang sarili mo d'yan. Ingat ka sa bubong bukas, ha. Baka mamaya, malaglag ka. Isama mo si Alan, ha." Sidekick ni Tatang si Alan sa

mga trabaho, pero kung minsan, tinatakasan ni Tatang para masolo nito ang kita.

“Oo, sinabihan ko na, ‘kako ay agahan ang gising bukas at hindi maaaring tanghaliin, mainit na sa bubong.”

“Okay. Kumusta po si Buchog? Kilala pa kaya ako no’n?” Aspin niya si Buchog, mukhang Doberman pero maliit. Buchog ang pangalan dahil noong mapulot niya ay payat na payat pero malaki ang tiyan. Actually, hanggang sa paglaki, payat at kapag bagong kain, bundat ang hitsura.

“Aba, nakabuntis na naman. ‘Yong balbon nina Ester, ‘kako ay akin na ang isa ‘pag nanganak.”

Na-excite si Michiko. “Ay, sige, ‘Tang,

pili ka ng magandang kulay, ‘tapos papiktyuran mo kay Ate Janeth.”

“Paano mo makikita, wala ka ngang cell phone?”

“Bibili na talaga ako, ‘Tang.” Tumawa siya. “Miss na miss ko na si Buchog. Hindi po nagkakasakit?”

“Hindi naman. Nakapatay ng ahas no’ng isang araw.”

“Hala? Malaki?” Bakuran nila at iyong kakahuyan sa paligid ang playground ni Buchog. Itinuring na iyong teritoryo ng aso at akala mo ay palasyo sa Britanya ang binabantayan kung makapagronda.

“Ga-braso ko.”

“Baka makamandag, ‘Tang?”

“Nako, hindi. Ahas-tulog. No’ng isang araw ay bayawak ang hinahabol,

All rights reserved

galit na galit at nakawala. Maghapong mainit ang ulo."

Natawa na naman si Michiko, nai-imagine niya ang hitsura ni Buchog kapag nabigo sa misyon. Hingal nang hingal, paroo't parito na animo ay nagdadabog.

"Miss na miss ko na kayo, 'Tang. Ingat ka palagi, ha? Bawal ka magkasakit."

"Ikaw ang mag-ingat d'yan. Kandado mo lagi ang pinto."

"Opo."

"Ay, siya, sige na at gagamitin na yata ni Janeth 'to."

"Opo. Ingat po, 'Tang. Mahal po kita, sobra."

Parang nahihiya ang tawa ni Tatang. "Ingat ka din d'yan. Pasensiya na at

All rights reserved

wala akong maibigay sa 'yo, ganito lang ang tatang mo..."

"Tatang, wala po 'yon. 'Wag mo isipin 'yon, hindi mo kasalanan na ganito lang tayo. Makakaahon din tayo, tiwala lang po. Kaya ingatan mo sarili mo, ha? Madami pa 'kong plano para sa 'tin."

Pinahid niya ang nangilid na luha pagkatapos makausap ang tatang niya. Lolo niya sa mother's side si Tatang Vic. Two years old pa lang siya nang maulila, si Tatang na ang nakilala niyang magulang. Ni wala siyang alaala ng kanyang ama at ina na naaksidente raw sa dagat. Tumaob ang bangka, nalunod ang mag-asawa na magdadala sana ng mga isda sa Marinduque.

Itinuloy na niya ang pagliligpit sa

ilalim ng katre. Kanya na iyon ngayon kaya ganado siyang linisin nang mabuti. Matapos niyang walisin at lampasuhin ang sahig, ibinaba niya ang katre at iyong manipis na kutson naman ang inasikaso. Hinubaran niya ng bedsheet at dinala sa labas para maarawan maski paano. Inilabas na rin niya ang mga karton, paper bag at kung ano-ano pang itinago ni Lovely sa ilalim ng kutson.

May nahulog mula sa mga nakatuping karton. Maliit na notebook. Dinampot niya at inusisa. Listahan ng mga kinita at ginastos ni Lovely. Hindi man lang nilagyan ng hitad ng petsa. At mukhang hindi naman napanindigan mag-budget dahil pagkatapos ng tatlong pahina na ganoon, wala na.

All rights reserved

Listahan na lang ng mga pangalan ang nakasulat. Mga pangalang… ewan niya. May katabi ang mga iyon na phone number, ang iba, may email address.

*Panchito – 09396748777*

*Junano – 09196763123, bigboy77@gmail.com*

*Pakong-bakya – 09396549902*

At kung sino-sino pa. Dalawang pahina ang listahan. Tawang-tawa siya bago napaisip. Sino ang mga nakalista?

Kutob niya, mga customer ni Lovely. At kung ganoon… nakuyumos niya ang notebook. Tumunog uli ang cell phone niya. Vicky Chaka ang caller. Hindi niya pinansin. Kahapon at kagabi pa tawag nang tawag si Ma'am Vicky. Nagkamali siyang sagutin noong una. Minura siya nang minura, magnanakaw daw siya.

Ipapapulis daw siya. Natakot siya. Ang sabi ni Lovely, huwag na raw niyang sagutin kapag tumawag.

Inayos niya ang maliit na notebook nang ma-realize niyang nagusot niya iyon. Ipinatong muna niya sa lamesa at ipinagpatuloy ang paglilinis. Three hours later, nakaligo na rin siya at naghihintay na lang maluto ang instant noodles niyang ulam. Alas dos na ng hapon, nangangatal na siya sa gutom. Dinampot uli niya ang notebook ni Lovely, pinag-aralan ang mga computation doon.

Parang lumalabas na dalawa hanggang tatlong libo ang kinikita ni Lovely per day. Ilang customer kaya iyon? Kung kikita siya kahit one-five man lang isang araw, malaking bagay

All rights reserved

na.

Nilagyan niya ng isang itlog ang instant noodles at isinabaw na iyon sa kaning nasa mangkok. Kalahati lang. Mamayang gabi ang matitira. Pagkatapos niyang kumain, lumabas siya saglit para magpa-load. Pagbalik sa bahay, *tinext* niya ang una sa listahan ni Lovely. Si Panchito.

*HI*, *HOW R U*?

Iyon rin ang text niya kina Junano at Pakong-Bakya.

Ten minutes lang yata, nag-reply na si Pakong-Bakya: *Im ok. Pd ka mamaya 8pm*?

Nangatal si Michiko. Tama ang kutob niya. Kliyente nga ni Lovely ang lalaki. Kaya ba niya? Paano ba? Virgin pa siya, sa totoo lang. Ibibigay niya iyon kay

Pakong-Bakya?

Pero malapit na talaga ang birthday ni Tatang, next month na. Wala pa siyang naiipon na pambiling regalo. Gitara ang gustong-gusto niyang iregalo kay Tatang. Mahilig kasi itong tumugtog. Naibenta nito ang lumang gitara noong na-dengue siya. Grade five siya noon. Nagka-dengue outbreak, isa siya sa tinamaan. Puno na ang mga public hospital kaya napilitan si Tatang na sa private siya dalhin, binenta ang gitara at nangutang dahil hindi raw pala sagot ng PhilHealth lahat-lahat, may kailangan pa silang bayaran.

Mahal na mahal ni Tatang ang lumang gitara dahil musikero ito noong 70s, mahaba ang buhok at balbas-sarado. Halos lahat ng magagandang

alaala nila ni Tatang noong maliit pa siya, kasama ang lumang gitara. Naging libangan na rin niya iyon nang matuto na siyang tumugtog. Alam niyang kulang ang buhay ni Tatang kung wala itong gitara.

Ang puri niya para sa gitara.

Huminga siya nang malalim at pinakawalan sa bibig. Dinampot niya ang cell phone.

*Ok, saan*? ang sagot niya kay Pakong-Bakya.

Nagbigay agad ng lugar si Pakong-Bakya. Inilista iyon ni Michiko sa notebook. Nilagyan niya ng petsa.

Bandang alas-sais ng hapon, nag-e-effort siyang mag-make up gamit ang mga iniwang pang-make up ni Lovely. Maanta na ang mga amoy, lalo na ang

mga brush, pero, *keri* lang, may nag-text na naman. Si Junano. Anong oras daw siya available.

Nag-isip saglit si Michiko bago nag-type ng reply: *Mga 9pm*? Iyong motel na sinabi ni Pakong-Bakya na rin ang ibinigay niyang lugar. Sa Buendia, Makati.

*OKI* raw, sagot ni Junano, may kasama pang *MISS U*.

NANGANGATAL si Michiko, nanlalamig ang buong katawan nang tumuntong siya sa lobby ng Nipon Inn and Café. Suot niya ang tanging bestida. Dilaw, puti, at light green ang stripes, walang manggas, pleated ang palda na hanggang tuhod. Alam niya na hindi

sexy, malayo sa mga isinusuot ni Lovely na maiiksi at hapit sa katawan, pero wala siyang ganoong damit. Pati ang sapatos niya, hindi pangpokpok. Itim na flat.

Pero pokpok na rin siya.

Tatanggi pa ba siya? Iyon na talaga siya pagkatapos ng gabing iyon. Huminga uli siya nang malalim, lumapit sa front desk, sinabi niya kung saan siya pupunta. Parang natawa pa ang lalaki sa likod ng counter. Sinabihan lang siyang umakyat na, itinuro ang elevator.

Kaso ay hindi siya sigurado kung maalam siyang gumamit ng elevator. Ang alam niya, pinipindot kung saang floor, pero hindi pa niya naranasang pumindot sa elevator kahit minsan.

Baka magkamali siya at ma-trap siya?

Hagdanan na lang ang ginamit niya. Limang palapag. Hindi naman siya hiningal. Sanay siya sa akyatan at lakaran. Nang makarating siya sa fifth floor, parang may bakal na ang sapatos niya. Halos hindi siya makahakbang. Nagulat na lang siya na nakatambad na sa kanya ang *Rm 504*.

Itinaas niya ang kamay para kumatok. Natigilan siya. Nanginginig talaga siya. Parang bumabaligtad ang sikmura niya, nagsimula siyang maglaway.

Nasusuka na siya.

Lumunok siya ng laway.

Kinuha niya sa bag ang maliit na bote ng White Flower, sininghot.

Naglalaway pa rin siya at sukang-suka

All rights reserved

ang pakiramdam.

Kinaya niya. Kumatok siya.

Bumukas ang pinto. Tumambad sa kanya ang lalaking payat at may edad, parang kasing-edad ni Tatang.

Tatang. Gitara.

Lumunok uli si Michiko at pasimpleng suminghot ng White Flower. Pabaon sa kanya ni Tatang noong lumuwas siya. Baka raw mahilo siya sa biyahe.

“Love—” Gulat na napakurap ang lalaki. “Iba ka?” Kumunot ang noo.

“Uh...hi.” Kumaway pa si Michiko, pinilit ngumiti. “A-Ako ang pinapunta ni Lovely.”

Kinilatis siya ng lalaki, napangiti ito. “Halika.” Hinaltak niya nito papasok sa kuwarto at isinara agad ang pinto. “Mas

All rights reserved

lovely ka naman. Ano'ng pangalan mo?"

"Uh, Michiko po."

"Po? Ilang taon ka na?" Naghuhubad na ang lalaki. "Sabayan mo ako sa shower."

"T-Twenty po."

Hinubo na ng lalaki ang pantalon. Ang payat ng legs. Kaya pala pakong-bakya ang tawag ni Lovely. Parang kalansay naman ang upper body ng lalaki, litaw ang mga ribs pero malaki ang tiyan.

Naka-*brip* na puti si Pakong-Bakya. Maluwag. Ang itim ng singit.

"Mukhang bago ka, 'no?" sabi kay Michiko. Nilapitan siya, kinuha ang kamay niya at dinala sa hinaharap nito. "Tuturuan kita para matuto ka."

Hinalikan siya sa leeg habang patuloy na ikinikiskis ang palad niya sa harapan nito.

May tumitigas sa loob ng brip.

Pumunta sa likod niya ang isang kamay ng lalaki, ibinaba ang zipper ng bestida niya.

Matigas na matigas na ang nasa loob ng *brip*.

Kaya naghubo na ang lalaki.

Tumambad kay Michiko ang pakong-bakya.

Matigas. Nakatayo. Pagkapayat.

Kandalunok siya ng laway... Nasaan ang White Flower? Hindi na niya kinaya, napaduwal siya sa sahig. Buo-buo pa ang instant noodles, natalsikan ng isang hibla sa binti ang pakong-bakya.

# CHAPTER THREE

NAGMURA ang pakong-bakya, humangos sa banyo.

"Sorry po, sorry po!" Humangos din sa banyo si Michiko, patulak pa niyang sinapawan sa harap ng lababo si Pakong-Bakya. "Sorry po." Tuloy hilamos siya at mumog.

"Putangina!" mura pa rin ng lalaki, halatang hindi mapaniwalaan ang nangyayari at hindi alam ang iisipin o gagawin, pinandilatan na lang si Michiko.

“Sorry po talag—” Napaubo siya. “M-May tubig ka po? Inumin?” Never na siyang iinom ng tubig basta-basta sa kung saan-saan sa Kamaynilaan. Unang araw niya kay Lovely, nasira ang tiyan niya dahil uminom siya ng tubig-gripo. Muntikan na siyang maospital—kung hindi lang siya nahihiya kay Lovely, magpapapasugod na talaga siya sa ospital. Kaso wala siyang pera kaya tiniis niyang magtae at magsuka magdamag. Kinabukasan, payat na siya, hindi makagulapay. Binilhan siya ni Lovely ng Gatorade at Yakult. Three days siyang nanghina at hindi makakain.

Never again.

Kumurap lang si Pakong-Bakya.

Nagmumog na lang uli si Michiko. Itutuloy pa ba niya? Napatingin siya kay

Pakong-Bakya sa salamin. Hubo't hubad pa rin ang lalaki pero hindi na matigas ang hinaharap. Para iyong siling pangsigang na nakapatong sa gabi. Napangiwi si Michiko. Iyon ang... ipapasok sa kanya? *Ampanget*. Ganoon ba lahat ng sa lalaki? Hindi, si Lovely rin ang nagkuwento isang beses. Iba't iba raw ang hugis at laki. Pati amoy at kulay.

Hindi naman siguro masama kung maghahangad siya ng mas magandang pototoy para sa kanyang first time. Dali-dali niyang isiniper ang damit. "Pasensiya na po, masama ang pakiramdam ko." Para siyang itinudla palabas ng kuwarto.

Kung makahingal siya sa hallway, akala mo ay sumali siya sa habulan ng

biik, bagay na taon-taon niyang ginagawa tuwing fiesta sa kanilang baryo. Binubuhusan pa ng tubig ang lupa sa malaking kural bago ang palaro para maging maputik. Pakakawalan doon ang biik at mag-uunahan silang mga kalahok na mahuli iyon. Awa ni Batman, hindi pa siya nananalo. Pero ang hingal niya pagkatapos, kaparis ng hingal niya sa kasalukuyan. Ang pagkakaiba lang, sa habulan ng biik, putikan din siya pagkatapos.

Hindi pa siya putikan ngayon. Virgin pa rin siya.

Naalala na naman niya ang pakong-bakya. Napaungol siya nang malakas at parang masusuka na naman. *Ampanget kasi*. Hiindi naman siya ganoon katanga sa kamunduhan. Nakakabasa siya ng

All rights reserved

mahahalay sa mga pocketbook na nahihiram niya sa kapitbahay minsan. Napapagkuwentuhan din minsan sa school, lalo na kapag ang baklang si Puroy ang nagbibida, dine-describe pa talaga ang hitsura ng mga pototoy. Maging si Lovely ay nagkukuwento at nagbibiro ng mga kaberdehan sa kanya. Kaya may alam naman siya sa mangyayari sa kanya.

Kaya nga rin siguro siya sukang-suka. Alam niya ang gagawin ng lalaking payat sa kanya gamit ang chakang pototoy. Ipapasok iyon sa puwerta niya base sa mga pocketbook; sa puwit naman, ayon kay Puroy. Ayon naman kay Lovely, all of the above at kasama pa ang bibig. Ipapasupsop sa kanya ang pakong-bakya. Tinanong pa niya isang

beses si Lovely kung ano ang lasa ng pototoy kapag isinubo. Wala naman daw, minsan lang may pototoy na mabaho.

Si Pakong-Bakya, mukhang mabaho ang pototoy, parang galing na iyon sa kabilang-buhay. Mukhang tangkay ng aratiles na tinasahan kaya matulis ang dulo. Paano siya magkakaka-one-five? Dapat hindi siya maarte sa pototoy kaparis ni Lovely. Babalikan ba niya si Pakong-Bakya? Magso-sorry siya, dadakmain agad niya ang pototoy na chaka?

Kahit hindi siya soshal, napa-"ewwww" siya nang malakas.

Tumunog naman ang cell phone niya. Kinuha niya sa bag. Si Junano ang nag-text. Naghanap muna siya ng

magandang puwesto bago iyon buksan at basahin. May pag-asa pa naman siyang maka-one-five. At mas maganda naman siya kay Lovely, baka puwede niyang singilin ng two-five.

Two-five! Puwede na siyang umuwi pagkatapos kay Junano.

Nakita niya ang hagdanan sa dulo ng hallway. Sa baitang niyon siya naupo.

*Nipon inn me dating gawi hehe*, ang text message ni Junano.

Napasinghap si Michiko. Abot-abot na naman ang kaba niya. Naisip na naman niya ang biik. Sa pagkakataong iyon, hindi na niya pakakawalan ang biik.

Nag-reply siya: *D2 ka na*? *D2 na rin me*

Walang isang minuto, sumagot si Junano: *Wrong send hehe layo pa ko d2 pa*

*me monumento gusto mo pares*

Nag-type ng sagot si Michiko, *Sige, salamat. Bilisan mo.*

Sagot agad si Junano: *Excited ka hehe*

*Kakainip maghintay*, reply niya.

Hindi na sumagot si Junano. Kinabahan si Michiko. Baka nainis sa kanya? Ang mas ikinatatakot niya, baka may makakita sa kanya doon sa hagdanan at palabasin siya. Mas okay sa kanya na doon na lang maghintay kaysa sa labas. Nagsumiksik na lang siya sa katabing pader para hindi siya mapansin ng mga lumalabas ng elevator. Kung may magtatanong kung bakit siya naroroon, sasabihin na lang niya na nagpapahinga siya.

Kaya ba talaga niya itong trabaho na gusto niyang pasukin? Parang mabait

naman si Junano, thoughtful. Malay mo, binata pa, may hitsura, may magandang trabaho, ‘tapos magkakagusto sa kanya, liligawan siya.

*Tinext* uli niya si Junano: *San ka na*?

Mga tatlong minuto bago ito sumagot: *Kumuha na ko room don mo na ko hintay kunin mo susi jan jericho morales kamo*

Jericho Morales. Iyon ang totoong pangalan ni Junano. Tunog artista. Tunog pogi.

*Ok, salamat*, sagot niya at tumayo. Naghagdan na rin siya pababa.

Halatang nagtataka sa kanya ang nasa likod ng counter sa lobby pero walang imik na binigyan siya ng susi nang sabihin niya ang pangalan ni Junano. *Rm* 402. Balik siya sa hagdan.

All rights reserved

Kamukha rin ng kuwarto ni Pakong-Bakya. Amoy-panglason sa ipis at *kloroks*. Nakadikit sa kaliwang pader ang kama, sa kanan ay banyo. Sa paahan naman ng higaan, may maliit na mesa at upuan. Sa pader, may maliit na TV. Bukas na ang aircon pagpasok niya, malamig na at maugong. Naupo siya sa kama at hinubad ang sapatos.

Kailangang galingan niya kay Junano para ma-in love sa kanya. Dapat siguro, nakahubad na siya para pagdating ng lalaki… Oo nga! Magpapaganda na siya at magpapabango. Pumasok siya sa banyo, dinagdagan ang lipstick niya, sinuklay ang buhok hanggang madulas na madulas na—namuhunan siya sa conditioner kanina. Nag-spray uli siya ng pabango na naiwan ni Lovely. Hindi

niya type ang amoy, matamis masyado, pero baka iyon ang gusto ng mga lalaki. Hinubad niya ang bestida, iniwan lang ang bra at panty.

Bumalik siya sa kama.

*Ang lamig, bwisit*. Ang nipis naman ng kumot. Ang liit din, lampas ang mga paa niya kung itutuwid niya. Eh, di mamaluktot.

Nag-text si Junano: *Pedro gil na me 3 kembot na lang baby*

Napangiti si Michiko, excited na siya sa pares.

Lumipas ang mga minuto. Marami. Malamig na tiyak ang pares, namumuo na ang mantika. Gustuhin man niyang umidlip saglit, hindi niya magawa. Kabado siya, aligaga, giniginaw sa maingay na aircon at nerbiyos.

Hanggang makarinig siya ng mga katok.

Napaigtad siya, sabay balikwas. Napatunganga siya sa pinto.

Hinamig niya ang kaba at bumaba ng kama. Ibinalot niya sa katawan ang kumot bago pagbuksan ang kumakatok.

Binuksan niya ang pinto.

Walang tao sa labas.

Hindi. Meron.

*Awtomatik* na ibinaba niya ang paningin.

“Uy, proxy,” sabi ng lalaking nakatingala sa kanya. Kinilatis siya at, “Okay ah. Ikaw ang katext ko?” Nakangiti na ito.

Hindi makaimik si Michiko. Tulala siya sa lalaking unano. Pumasok na ito

sa kuwarto, isinara ang pinto at uuga-uga itong naglakad papunta sa kama, sumalta doon, hinubad ang T-shirt, lumiyad. “Yeah, beybi, come to papi.” Umikot pa ito, sumasayaw na parang macho dancer.

Nanlamig si Michiko, parang nawalan siya ng bigat at namalayan na lang niya na lumalapit ang sahig sa kanya. Ang nagsusumigaw sa isip niya bago iyon mablangko ay, *Bakit*? *Bakit*? *Bakit*? Gusto lang naman niya ng one-five! Bakit ang hirap magka-one-five?

MGA MANTSA sa kisame na mistulang mapa ang unang tumambad sa paningin ni Michiko. Isa pang segundo at na-realize niya, nakahiga siya. Sa

kama. Sa kasunod na segundo, naalala na niya ang unano. Bakit hindi niya naisip? Sa pangalan pa lang, obvious na. Junano. Unano. Ang nasa isip lang niya, kinuha iyon sa Jun o kaya ay sa Junior. Nasapo niya ang noo.

Pero ano ba ang nangyari? Nasaan na ang unano? Paano siya napunta sa kama? Napabalikwas siya sa naisip. May nangyari na ba sa kanila ni Junano? Taranta niyang kinapa ang sarili. Panty at bra pa rin ang suot niya pero wala namang masakit sa kanya maliban sa pisngi. Dinama niya iyon. Naalala niya ang sahig na parang umangat at humampas sa mukha niya. Lumindol ba? Tsunami?

Ibinaba niya sa sahig ang mga paa, kinakapa niya ang sapatos niya nang

mapatingin siya sa banyo. Nakaawang ang pinto doon, may tao sa loob. Sinakmal na naman siya ng masidhing kaba. Sa pagkakataong iyon, hindi siya makakilos.

Bumukas ang pinto ng banyo. “Oh, thank God,” sabi ng lalaking lumabas, may hawak na panyo… bandana, kulay asul at basa, bagong piga. Lumapit ito sa kanya, ibinigay sa kanya ang bandana. “Here, put it against your cheek. There’s no hot water, there’s not even a cold water.”

Tigagal pa rin si Michiko.

Hindi unano ang lalaking lumabas ng banyo.

Matangkad. Sobra.

Parang… Afam!

Guwapong afam, hindi kagaya ni

Philip. Bata pa ang lalaki sa kuwarto, twenty-five hanggang thirty ang edad. Ang ganda ng labi, may natural na indentation sa pinakagitna kaya parang naka-pout, at ang mga sulok naman ay nakangiti. Kakaibang labi. Masarap titigan.

"Hey, 'you okay?" tanong ng afam, tangan pa rin ang basang bimpo. Customer din ba ni Lovely ang lalaki? Si Panchito ba ito?

Napatunganga na naman siya sa lalaki. Hindi itim na itim ang buhok, dark brown na mahaba na para sa lalaki, abot na sa batok, may mga alon. Ang mga mata, brown din, pero parang may ginto sa loob. Pero bumalik na naman ang mga mata niya sa bibig nito. Parang perlas ang mga ngipin, walang

sungki. Parang ang linis ng bibig ng lalaki.

"I'm sorry," sabi nito. "I'm Cotton, or at least, that's what they call me. And you are Lovely who isn't really her?" Ngumiti ito, lumitaw lalo ang magandang ngipin.

Hindi makakurap si Michiko. Sobrang pogi ng afam.

"What's your name?" tanong nito.

Hindi maibuka ni Michiko ang bibig. Pati katawan ng lalaki, maganda. T-shirt na puti at maong na pantalon ang suot, hindi naman masikip pero kitang-kita na maskulado ang dibdib at balikat. Ang mga braso, parang ubod ng tigas, may mga ugat pang nakalitaw.

"I'm sorry for barging in into your, uh, transaction, I just really need to see

All rights reserved

Jun—"

Sa wakas, naigalaw ni Michiko ang mga muscle niya sa mukha, nakakurap na siya at, "J-Jun—"

"I sent him out for some food. You passed out, and I thought maybe you were hungry and had low blood sugar." Inalok uli ng lalaki kay Michiko ang bandana. "Here, Jun said you hit your face on the floor, it's quite red... your face, I mean."

Nangangatal na kinuha ni Michiko ang bandana at nagawa niyang umusal ng, "T-Thank you."

May tumunog na cell phone.

"One sec," sabi ng afam, dinukot sa bulsa ng pantalon ang cell phone, tumalikod kay Michiko bago iyon sagutin. "What?" anito sa caller.

Nakinig ito nang ilang segundo bago, “Okay, okay. Thanks, pal.” At para nang ipuipo ang lalaki. Dinampot ang jacket sa upuan, isinuot. Hinagip din nito ang backpack, isinukbit. “We need to go now,” sabi nito kay Michiko.

“Huh?” usal niya.

“I’m not okay, my memory is... I need you, okay? Take me to your place, please?”

“Huh?” usal uli ni Michiko.

Bumuntong-hininga ang lalaki. “I’m being pursued... may humahabol sa ‘kin, kailangan ko nang umalis dito pero hindi ko alam kung saan ako pupunta. I’ve been relying on Jun for weeks now, but they found out. Magpapaliwanag ako nang maayos mamaya, just come with me please.”

All rights reserved

Ibinigay nito ang bestida ni Michiko. “Get dressed. We really need to go now, they’re on their way here.”

“Huh?” Pero isinuot ni Michiko ang bestida at sapatos.

“That was Jun on the phone, they found him and he’ll try to delay them, but we need to go!” Hinaltak na siya ng afam, ang isang kamay nito ay nasa doorknob.

Mangha si Michiko sa haba ng mga braso nito. Dahil napakatangkad talaga. Lampas sa six feet siguro.

Nang mabuksan ng lalaki ang pinto, tumakbo na sa hallway. Napilitan na rin si Michiko na tumakbo.

“We’ll use the fire escape,” anang lalaki.

Nakarating sila sa dulo ng hallway,

All rights reserved

kumanan doon. May maliit na pinto na sa ibabaw ay may nakailaw na pulang sign, *EXIT*. Binuksan ng lalaki ang pinto. Bumaba sila sa fire exit. Nauna ang lalaki, panaka-naka ay nililinga siya at inaalalayan. Sa isang maliit na kalsada sila pinulot. Ang mga gusali o bahay ay natatabingan ng matataas na pader. Maliwanag dahil may mga ilaw ang poste.

"Saan ka umuuwi?" tanong ng afam.

"N-Nagta-Tagalog ka?"

"O-Oo, not much, but I do. Pinoy ako."

"Ha?!" bulalas ni Michiko.

"Where do you stay?" ulit ng lalaki.

"S-Sa Alabang. M-Maliit lang..." Magkakasya kaya sa apartment niya ang lalaking ito?

"Let's go." Lakad-takbo na naman sila hanggang marating ang dulo ng kalsada. Pinapara nito lahat ng nakikitang sasakyan, hanggang makatsamba ng bakanteng taxi.

"Where, boss?" tanong ng tsuper.

"Tell him," sabi kay Michiko ng Pinoy na afam.

INALOK ni Michiko ng upuan ang lalaki. "Sit, sit here, because you are untog there in the..." Ano nga ang English ng kisame? Bigla niyang naalala, Pinoy daw! Pinoy! "Kisame! You are untog!" At bakit ba siya nag-i-English, Pinoy nga raw, eh. Pinoy!

"Thanks." Parang nakahinga nang maluwag ang afam. Dahil mga one inch

na lang, didikit na talaga ang bumbunan nito sa kisame nila. Naupo ito, iginala ang paningiin sa kapirasong apartment. "Who got you this place? Jun?" Ngumiti.

"Oh, no, no! Lovely. She's my friend, she, uh.." *Pinoy nga, eh!* paalala niya sa sarili. Bakit ba lagi niyang pinapadugo ang ilong niya? "K-Kay Lovely 'to, nakikitira lang ako no'ng lumuwas ako, 'tapos ano, ikinuha siya ng condo ng boyfriend niya, iniwan niya ako dito."

Nakangisi pa rin ang lalaki. "I thought it's Jun's place, given the size."

Napatawa rin si Michiko. "Sa kanya nga bagay 'to. Pasensiya ka na, ha. Pero magpaliwanag ka na, please. At please, 'yong mas madaming Tagalog. Hindi ako masyadong magaling sa Inglesan."

Tumango ang lalaki. “From where are you?”

“Ha? Mindoro, pero sa isla… ‘Wag ako ang tanungin mo, ako ang nagtatanong, ‘di ba?”

“What’s the question?”

Ano nga ba?

“Uh, sino ka? Bakit ka nagtatago? Ano mo si Junano?”

“Junano?” Tumawa ang lalaki. “That’s what you call him? He’ll love that.”

“Si Lovely. ‘Yon ang tawag ni Lovely sa kanya, hindi ko naman inakalang unano.” Nasapo na naman ni Michiko ang noo. “Hindi ko talaga naisip. Kaya na-shock ako nung makita ko siya kanina… hindi ko na yata kinaya ang lahat… Pakong-bakya, ‘tapos unano…

Kaya siguro ako nahimatay." Gusto lang naman niyang kumita ng one-five. Ang sakit sa damdamin, ang sakit isipin na parang pinaglalaruan siya ng kapalaran.

Nangunot ang guwapong noo ng lalaki. "You mean you didn't really know Jun?"

Tumango si Michiko. "Balak ko sanang gayahin na lang si Lovely, nasesante na naman kasi ako. Mga amo naman kasi dito sa atin, 'pag ayaw kang *increasan* gaya ng pangako nila noong kinuha ka, aawayin ka na lang lagi para mapilitan ka mag-resign, o kaya mapikon ka na at magkaroon sila ng dahilan na sesantehin ka."

Tumango ang lalaki. "My mother's shrewd like that."

All rights reserved

"Ha?"

"She's the one I'm running away from."

"Ha?"

"I had a stroke a year ago," saad pa ng afam na Pinoy.

"Ikaw? Na-stroke?"

"I know, right? But I did. I lost some mobility, my speech was slurred for a while, but I recovered. They said it's probably because I'm young and quite healthy. But what I haven't recovered yet is my memory. I still have amnesia. I know things around me, I know how to use things and all that, but I can't recall who I really am. What I know about my life is just from what everyone's told me so far… Naintindihan mo ba? Magta-Tagalog pa ako?"

"M-Medyo gets ko naman. May amnesia ka pa. Nalaman mo lang kung sino ka dahil sa sabi-sabi ng mga tao sa paligid mo."

"Yup, very good," puri nito kay Michiko.

"Eh, bakit ka tumatakas ngayon 'kamo? Sa mother mo?"

"She wants to place me in a facility. She wants control of everything, I guess. Business, the money my dad left me. I need to know who I am, Miss..."

"Michiko," aniya at inilahad ang kamay.

Tinanggap iyon ng lalaki. "Pleased to meet you, Michiko. It's a lovely name."

"Thank you. Uh, mayaman ka?"

# CHAPTER FOUR

MASAKIT daw ang ulo ng mayaman kaya pinahiga ito ni Michiko sa kama. Hindi na tumanggi ang lalaki, hinubad ang rubber shoes na mukha ngang mamahalin at nahiga na, saglit na naghanap ng magandang posisyon, pumikit.

Sinulyapan ni Michiko ang backpack nito. Gusto niyang halwatin para sa ID o kahit anong mapapagkilanlan, pero duda siya kung tulog nga. Baka naman nakapikit lang. Totoo kaya na may sakit

All rights reserved

sa pagkalimot? Para namang wala. Pero hindi naman nakikita sa pisikal ang ganoong sakit. Pinagmasdan na lang niya ang lalaki. Nakatagilid ito nang bahagya sa direksiyon niya. Kunot ang noo sa pagpikit, parang nagngangalit din ang mga panga.

Hindi nga tulog. Ang taong tulog, naka-relax ang mukha, parang patay. Masakit nga siguro ang ulo ng lalaki. Wala ba itong baong gamot? Ibili kaya niya ng Medicol kay Aling Nani sa kanto? Mabuti pa nga. Palabas na siya ng pinto nang marinig niya itong umungol.

“Uh, o-okay ka lang? Ibibili kita ng Medicol,” aniya.

Tumihaya ang lalaki, bahagyang idinilat ang mga mata. “No, don’t

All rights reserved

bother. That won't work."

"Ha? Paano? Masakit na masakit ba?"

"It'll pass, I just need to close my eyes for a while."

Saglit na nag-isip si Michiko, pagkatapos ay nagpakulo siya ng bimpo sa kalan. Nang kumulo, hinintay lang niyang lumamig nang kaunti bago piniga ang bimpo. Isinalin niya sa *termos* ang mainit na tubig. Tinesting niya sa sariling mukha ang bimpo kung hindi na nakakapaso.

"Baka makatulong 'to maski paano," aniya sa lalaki. Naupo siya sa kama at itinapal ang bimpo sa noo at mga mata nito. Mukhang naginhawahan naman ang lalaki, inayos nito ang bimpo sa mukha.

Tumunog ang cell phone nito na nasa

bulsa. Napaungol ito. “Please get it.”

“O-Okay.” Dinukot ni Michiko ang cell phone sa bulsa nito. May sumamang mga isandaan at limangdaan. Mayaman nga! “Sasagutin ko rin?” tanong niya.

“Please,” paungol na sagot ng lalaki.

*Jun* ang caller. Si Junano!

“Hello, J-Jun?” Sagot niya.

“Hello? Sino ka?”

“S-Si Michiko, kasama ko si, si… Cotton?” Iyon nga ba ang pangalan ng lalaki? Cotton as in bulak?

“Nasaan kayo?”

“Dito sa apartment ko. Um, masakit ang ulo niya. A-Ano’ng ibibigay kong gamot?”

“Hindi ka makakabili, nasa akin ang reseta. Text mo adres mo, susunod ako

All rights reserved

d'yan, ikaw na muna bahala kay Boss."

"Boss mo?"

"Oo."

Marami pang gustong itanong si Michiko pero nawala na sa linya si Junano. *Tinype* na lang niya ang adres niya sa cell phone ni Cotton. Nakailang try siya dahil naninibago siya sa touch screen, sensitive pala masyado. Kailan kaya siya magkaka-smart phone? *Malapit na*. Sumulyap siya kay Cotton. Aalagaan niyang mabuti, mag-a-apply siyang yaya. Tama. Gagalingan niya para katuwaan siya. At dahil yaya siya, importante na may phone siya. Palalabasin niyang sira na ang sinauna niyang cell phone.

Sisimulan na niya. Marahan niyang kinuha ang bimpo sa mukha ni Cotton.

All rights reserved

"Initan ulit natin nang konti, malamig na, eh," aniya sa mahinang tinig. Hindi tumutol ang lalaki. Binuhusan uli niya ng mainit na tubig ang bimpo, piniga, testing-testing.

Itinapal niya iyon sa mukha ni Cotton. Gising ito, ramdam niya pero ayaw dumilat. Baka nasisilaw sa ilaw? Tinapatan niya ito ng maliit na electric fan bago niya pinatayan ng ilaw. Lumabas siya at naupo sa bangkitong plastic malapit sa pintuan. Pinanood niya ang mga dumadaan. May mangilan-ngilan na bumabati sa kanya—tumatango, ngumingiti, pero ang mas marami sa mga tagaroon, hindi siya pinapansin. Parang ilag sa kanya. Nabanggit na niya iyon minsan kay Lovely dahil natatakot siya na pinag-

iisipan siya na mataray o suplada. Huwag na lang daw niyang pansinin o problemahin, ganoon daw talaga ang mga tao, umiiwas sa mga kakaibang aura. Lalo siyang nag-panic noon. Ano ba ang aura niya? Hindi naman nasagot ni Lovely. Basta kakaiba raw.

Nang sa tingin niya ay nakasampung minuto na, binalikan niya si Cotton sa loob at inulit niya ang proseso sa bimpo. Kada sampung minuto ay inuulit niya iyon hanggang sa mapansin niya ang umuugang pigura sa eskinita.

“Jun!” Tawag niya.

Napangiti ito. “Hi! Si Boss?”

“Nasa loob.” Tumingin siya sa dala ni Jun. Malaking paper bag, parang kasinglaki na nito. Hanggang balakang lang niya ang lalaki. “Tara, pasensiya ka

All rights reserved

na lang at maliit ang bahay ko." Binuksan niya ang pinto. "Pinatay ko ang ilaw, parang nasisilaw siya. "

Tumango si Jun. "Oo, sumasakit ang mata ni Boss 'pag nasisilaw, nagka-damage din daw ang ugat sa mata. Hayaan na muna natin na madilim, ito na muna ilaw natin," tukoy nito sa cell phone, binuhay ang screen niyon. "Nagdala rin ako ng pagkain, baka hindi ka pa kumakain, umuna ka na." Ipinatong nito ang paper bag sa mesa. "Ikaw lang dito?"

"Dati kasama ko si Lovely. Kanya ito, nakikitira lang ako. Pero lumipat na siya sa condo."

"Talaga? Big time na si Loves?"

"May boyfriend siyang afam."

"Wow, congrats kamo. Ano mo pala si

All rights reserved

Lovely?”

“Kaibigan ko. Magkaklase kami no’ng high school.”

Inilabas ni Jun ang mga nilalaman ng paper bag. “Bagong salta ka dito?”

“Magwa-one year na. Nasesante ako sa trabaho, naisip kong gayahin na lang si Lovely, nakita ko ang pangalan mo sa notebook niya—”

Napatawa si Jun. “Ha? Ibig mong sabihin, ako dapat ang una mong customer?”

“Mmm, oo.” Hindi na lang niya binanggit si Pakong-Bakya.

“Suwerte mo!”

Siya naman ang napatawa. “‘Di nga?”

“Ang ibig kong sabihin, oo, suwerte ka dahil mabait ako. Paano kung natapat ka sa salbahe? Mag-apply ka na

All rights reserved

lang ulit ng matinong trabaho, ‘wag mong gayahin si Lovely, delikado. Kain ka na, o. Mamaya na si Boss.”

“Thank you, ako na.” Dahil halatang hirap si Jun na abutin ang mga nasa mesa. “Ito ba ‘yong pangako mong pares?”

Tumawa uli si Jun. “Hindi na ‘ko bumili kanina. Naisip ko, lalamig lang, hindi na masarap. Oorder na lang sana ako kanina, hinimatay ka naman. ‘Tapos dumating si Boss, nag-Angkas daw siya. Sinabi ko kasi kung saan ako papunta.”

May naalala si Michiko. “‘Yong wrong send mo kanina.”

“Mismo.”

Binuksan ni Michiko ang malaking plastic food container, may mga

All rights reserved

dibisyon iyon para sa kanin, sa malaking hita ng manok, sa mga gulay, may cupcake pa. “Ikaw?” alok niya kay Jun.

“Okay na ‘ko. Sa ‘yo lang ‘yan. Kain ka na.” Umupo ito sa plastic stool. “Paano pala kayo nakatakas kanina?” tanong nito.

Ikinuwento ni Michiko. “Totoo ‘yon? Hinahabol siya ng nanay niya?”

“Oo, hindi pa kasi fully recovered si Boss. Na-stroke siya, nabanggit ba sa ‘yo?”

Tumango si Michiko. “May amnesia raw siya. ”

“Oo.”

“A-Ano’ng trabaho mo sa kanya?” tanong pa niya.

“Bodyguard,” walang gatol na sagot

ni Jun, parang proud pa.

Tumaas ang isang kilay ni Michiko. “Weh?”

“Aba, nakita mo naman, alerto ako. Kita ko agad ang mga galamay ni Madam, natimbrehan ko agad si Boss.”

“Paano ka nila natunton?” hamon ni Michiko.

“Kay misis.”

Laglag ang panga ni Michiko. “May asawa ka?!”

“Imposible ba?” paghahamon din ni Jun.

“Hindi ‘yon! May asawa ka pala, ‘tapos… ba’t ka nakikipagtagpo kay Lovely?”

Ngumisi lang ang lalaki. “Minsan nakakaumay ang adobo.”

Malinamnam ang manok. Lumunok

muna si Michiko bago siya humirit uli. "Ganyan din asawa mo? Unano?"

Humagalpak na si Jun. "Gusto kita, prangka ka! Normal ang asawa ko, 'oy! Pati anak namin. Pero isa na lang 'kako at baka sa akin magmana ang kasunod."

"Mahirap ba maging unano?" tanong pa ni Michiko. Curious talaga siya.

"Hindi naman dapat dahil nakakakilos din naman kami nang maayos, nakakapaghanap-buhay. Mahirap lang dahil maraming mapanglait at mapangmaliit."

Sabay silang tumawa, nakipag-apir si Jun sa kanya. Sabay inismiran niya ito. "Unano ka na nga, nagtataksil ka pa sa misis mo."

"Ah, mapanakit ka na masyado," sabi nito, tatawa-tawa.

Sabay silang tumingin sa kama dahil bumangon na si Cotton. Bumaba agad ng upuan si Jun. “Boss, kain ka na, para makainom ka ng gamot mo.”

Inilabas naman ni Michiko sa paper bag ang pagkain ng lalaki. “Halika na.”

“Thank you,” sabi nito at tumingin kay Jun. “How’d you shake them off?”

“Nagtago ako sa likod ni Jollibee,” sagot ni Jun.

“Ito ba ang mga gamot?” tanong naman ni Michiko. Kasama sa paper bag ang plastic na galing sa drugstore. May malaking bote din ng mineral water doon.

Bago dumulog sa mesa, kinuha ni Cotton ang backpack nito. “Jun, I need you to get my clothes. I also need a car.” Naupo ito sa stool, binuksan ang

backpack at bale-walang kumuha doon ng… Natulala si Michiko… pera—mga bungkos ng pera. May isang pulgada yata ang kapal ng tig-iisang libong piso. Pumitas ng ilang piraso sa isang bungkos si Cotton, ibinigay kay Jun. "A four-wheel drive."

"Ngayon na, boss?" tanong ni Jun.

"Yup. Hurry up."

"Yes, sir." Sumaludo pa ang unano, saka bumaling kay Michiko. "Tuloy na muna ako, ha. Ikaw na muna bahala kay Boss."

"Ingat ka," aniya at bumaling kay Cotton. "Masakit pa ba ulo mo? Puwede ko na buksan ng ilaw?"

"Sure, please."

Binuhay niya ang ilaw. Ikinuha niya ng totoong kutsara at tinidor ang lalaki.

"Ang hirap kasi 'pag plastic."

Sinuri ni Cotton ang ibinigay ni Michiko. "As opposed to these?" Parang natawa ito. "Are these safe? Kind of... sharp."

"Dahan-dahan lang ang subo, nakakahiwa nga 'yan ng bunganga," amin ni Michiko. "Ang nipis kasi, parang lata."

"Join me, finish your food," anyaya ni Cotton.

Hindi pa talaga tapos sa manok si Michiko, naupo uli siya. Nagpapakuha ng sasakyan kay Jun ang lalaki, ibig sabihin, aalis na ang mga ito pagbalik ng junano. Saan pupunta? Paano siya? Paano niya maipaparamdam kay Cotton na kailangan nito ng yaya na kagaya niya? Ang mga pera nito sa bag,

maano ba namang sa kanya ipahawak?

Dapat prangkahin na niya. Dapat magprisinta na siya. Ibinuka niya ang bibig.

Naunahan siya ng lalaki. “I need a favor, Michiko.”

“Uh, um, sure! Ano ‘yon?”

“I need you to trust me,” seryoso nitong sabi.

Tumango siya. “Sure, I trust you.”

“Come with me to Zambales.”

“Ha?” Itinago ni Michiko ang katuwaan. Hindi na pala niya kailangang mag-apply. Tanggap na siya. “Sasama ako sa inyo ni Jun?”

“No, just you and I.”

“Hindi kasama si Jun?”

“He’s compromised. We need to leave him.”

"Ha? Eh, babalik 'yon, nagpapakuha ka ng sasakyan at mga gamit—"

"I just wanted him gone. We'll leave after eating. Pack light, we'll just buy whatever else we'll need."

"Bakit Zambales?" tanong ni Michiko.

"Nice beach," sagot ng lalaki.